ANG tatlong wanted persons na iniharap kay Manila Mayor Isko Moreno na kinilalang sina Mark Cervantes, alyas Dansoy; Roberto Montel; at Jonas de Jesus, na umano'y may tatlong kaso ng rape. Kasama ring hinuli ng mga awtoridad ang mga binansagang 'Jumper Boys' na nag-viral video sa R-10 batay na rin sa kautusan ng alkalde. **CHRISTIAN HERAMIS**

## Antipolo City DRRM Council regional finalist sa Gawad Kalasag Award

**LUNGSOD NG ANTIPOLO, Rizal (PIA)**-- Tumanggap kamakailan ng Plaque of Recognition ang Antipolo City Disaster Risk Reduction and Management Council (ACDRRMC) para sa best practices sa larangan ng risk reduction at disaster resilience sa 21st Regional Gawad Kalasag Award na ginanap sa Santa Rosa City, Laguna.

Sinabi ni Antipolo City Mayor Andrea Ynares, sa panahon ngayon ay hindi natin natitiyak kung kailan tatama ang sakuna. Dagdag niya, 'di lamang pangarap kundi misyon ng pamahalaang lungsod na masiguro ang kaligtasan ng mga mamamayan.

Patuloy umano ang pagpapaigting ng lokal na pamahalaan sa mga programa nito upang 'di lamang mas mapaunlad ang kakayahan ng mga kawani kundi pati na rin ang mga serbisyong pampubliko sa panahon ng kalamidad.

Ayon pa sa kanya, ng naturang parangal ay naisakatuparan dahil sa pagtutulungan ng iba't ibang ahensya, departamento, at pribadong sektor para masigurong ligtas ang mga residente sa anumang sakuna.

Tampok sa best practices ng pamahalaang lokal ang paggawa ng Evacuation Center at Command Center sa pangunguna ng City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO). Kabilang rin dito ang paggamit ng Abizo App. at Early Warning Device tulad ng rain gauges gayundin ang non-stop campaign laban sa mga iligal na imprastraktura sa mga disaster prone areas.

Higit pa sa risk reduction, bahagi rin ng award-winning practices ng ACDRRMC ang Prevention and Mitigation Programs tulad ng tree planting activities at tuloy-tuloy na information drive at trainings sa mga komunidad.

Noong nakaraang taon, nakamit rin ng Antipolo City ang 3rd place sa annual Regional Gawad Kalasag Award. **(PIA-Rizal may ulat mula kay P. Cabasbas, ANTIPOLO PIO)**



**KULUNGAN** ang bagsak ni Marlon dela Cruz matapos malaglag sa isinagawang buy-bust operation at mabilan ni PCPL Enrico Quiambao, ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng MPD PS-4, sa Brgy. 484 na pinapamumunuan ni Chairman Guia Gomez sa Algeciras St., Sampaloc, Maynila nitong Sept. 28. Isang kilalang tulak umano ang suspek, na nakunan ng 2-bulto ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng mahigit kumulang P30,000.00 **(KHENT AMOROSO)**

# TOP EMPLOYERS AT BEST EMPLOYEES, PINARANGALAN NG SSS LUZON SOUTH CLUSTER 1

**LUNGSOD NG STA. ROSA, Laguna (PIA) -Pinarangalan ng SSS Luzon South Cluster 1 Division ang kanilang Top Employers at natatanging empleyado bilang bahagi ng pagdiriwang nang ika-62 anibersaryo ng Social Security System (SSS) sa isinagawang Balikat ng Bayan Awards na ginanap sa Shakey's Pizza Parlor, Brgy. Balibago sa lungsod na ito noong ika-20 ng Setyembre 2019.**

Ang mga kumpanyang nagwagi ay ang HYPAC INC. sa Small Category at ang Silgan White Cap South East Asia, Inc. naman para sa Medium Category.

Sinabi ni Santa Rosa Branch Head Grace R. Velasco, ang Balikat ng Bayan Awards ay naglalayong bigyang parangal ang mga Employer na regular na sumusunod sa mga probisyon ng Social Security System (SSS) law, nagbabayad ng kontribusyon at loan sa takdang oras, nakarehistro na sa mga web services ng ahensya, nag-susumite ng bayad sa pamamagitan ng electronic payment, at sumusuporta sa kanilang mga programa.

Sila rin ay itinuturing ng SSS na mga katuwang sa pagbibigay ng makabuluhang panlipunang seguridad o social security sa mga manggagawang miyembro nito.

Samantala, ang mga Best Employees naman ay sina Gg. Aldrin C Araña ng San Pablo Branch sa kategoryang Best Support Service, Bb. Maria Esmeralda Barcelona ng San Pablo Branch rin sa kategorya na Best Customer Service Employee, at si Bb. Chiara Corazon Reyes Lipana ng Biñan Branch ang siyang itinanghal na Best Supervisor.

"SSS gives due recognition of works to employees for their exceptional contributions resulting from an ideal performance and consistent demonstration of exemplary ethical behavior and extraordinary knack of public service," paliwanag ni Vice President Elenita S Samblero.

Nagpasalamat din si VP Samblero sa mga lokal na media sa pagsuporta at pagtulong na maipaalam sa publiko ang kanilang mga programa na nakakatulong rin aniya sa pagtatagumpay ng mga layunin ng SSS.

Sa huling pananalita ni SSS Biñan Branch Head Roberto S. Pagayunan, sinabi nito na layon nilang makaabot ang kanilang mga Best Employee at Top Employer sa Group at National Level sa susunod na taon. **(Joy Gabrido/ PIA4A)**

# KENNY ROGERS, NOW OPEN AT SM CITY BACOOR

**SM CITY BACOOR, CAVITE** - In their mission to bring food and love in one plate, Kenny Rogers took a step up in launching their new and improved store at the 2nd Level SM City Bacoor to give everyone the best dining experience. From their famous Roasted Chicken, Kenny Rogers also have quite all the menu of home cooked Southern Barbecue Ribs, Chicken, Steak, Corn Bread, Coleslaw, Macaroni, Salad and Sandwiches. Try their famously good & freshly cooked Classic Roasted Chicken, marinated with citrus-base and seasoned to perfection with different herbs and spices. Savor over their Baby Back Ribs from carefully selected pork loin baby backs, gently rubbed with Kenny Rogers' special seasoning and slowly cooked with smoky flavors. But if you love Fried Chicken for it's crispy, juicy flavor, feel guilty no more! Kenny Rogers' OMG Unfried Fried Chicken isn't even fried so you can taste it in less oil and zero guilt. You can also try their Premium Rib Eye Steak that comes with two complementary side dishes, cooked the way you want them. All these and more to choose from! So next time you want to catch up with a friend or have a family treat, make them feel loved at Kenny Rogers, located at the 2nd Level of SM City Bacoor.







# DOST brings 'Science for the People' in Pasig City

**PASIG CITY (PIA)--**The Department of Science and Technology-National Capital Region (DOST-NCR) and the city government of Pasig on Tuesday officially opened various activities in celebration of the Regional Science & Technology Week (RSTW).

With the theme: "Science for the People 2019: Enabling Technologies for Sustainable Development", the three-day event that will be held at the Rizal High School in Pasig City consist of various exhibits, product demonstrations, and fora.

DOST Secretary Fortunato dela Peña who delivered the keynote message during the event cited the importance of bringing Science & Technology closer to the people,

"We want to bring the significance of S&T in people's lives in every region, by having various S&T related activities. We also want to introduce successful micro-small and medium entrepreneurs (MSMEs) that we were able to assist plus the scholars who successfully finished their studies with the help of DOST so that they themselves can share their success stories," dela Peña said.

"This three-day event is also a great avenue for bringing together scientists, researchers, and inventors where they could interact with members of the academe, private sector, public sector, and NGOs and share knowledge and develop linkages in bringing science closer to the people," dela Peña added.

In response, Mayor Vico Sotto said he is thankful to host the RSTW activities, saying he wanted to foster culture of innovation in Pasig with the help of DOST.

"We are excited of the many possible things that we can do in relation to Science & Technology, especially for the youth," Sotto said.

One of the highlights of this year's RSTW is the turnover of the DOST-assisted and locally-developed technologies namely Biotek M Dengue Aqua Kit, CocoPatch, and the DOST STARBOOKS (Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk) to the city government of Pasig.

DOST-NCR also launched "Kain-pormasyon", a web-based mobile application that provides information on food hazards associated with raw materials and tips on how to reduce food-related risks. It aims to make food safety information widely-available to the public.

Aside from these, the RSTW 2019 includes various activities such as STEM (Science, Technology, Engineering, Math and Medicine ) career pathing, seminars/for a on circular economy, packaging innovations and Fourth Industrial Revolution (FIRe), Science Quiz Contest, Emergency Response Team Camp, Water Rocket Launching Competition, Astronomical Activities, S&T Interactive Exhibits, Guided Tours, and Techno Bazaars. **(PIA-NCR)**




# MALAKING PAKARERA

Magkakaharap ang mga piling kalahok na kabayo sa PHILRACOM Special Race no bearing- no effect sa pista ng Saddle and Clubs Leisure Park Naic Cavite. Maglalaban sa group 1 ang 9 na kabayo, sa group 3 maglalaban ang 20 na kabayo, habang sa group 4 ay paglalabanan ng 27 na kabayo. Sa group 5 ay lalahukan ng 23 na kabayo at magkakaharap naman ang 15 kalahok sa group 6. Hahataw din sa pista ng Saddle and Clubs Leisure Park Naic, Cavite ang 2019 PHILRACOM 1st Leg Juvenile Fillies and Colts Stakes Race. Ang nasabing pakarera ay paglalabanan ng mga 2 year old na fillies (babae) at colts (lalaki). May nakalaang P1,000,000 na kabuuang papremyo ang ipamimigay sa mga mananalong kabayo. P600,000 para sa unang tatawid sa finish line habang tatanggap ng P225,000 ang magiging 2nd place, may P125,000 para sa 3rd habang P50,000 naman ang 4th place. May nakalaan din na P30,000 bilang breeder ang mananalong kabayo. Samantala, nakatakdang bitawan sa Okt. 13 ang 2019 PHILRACOM 4 Year Old and Above Local Stakes Race sa pista ng Metro Turf Club Inc. sa Malvar, Batangas. May nakalaan na P300,000 na papremyo ang ipamimigay sa magkakampeon, P112,500 naman ang matatanggap ng 2nd place at may P62,500 ang para sa 3rd place at P25,000 naman para sa 4th place. May nakalaan din na P15,000 para sa breeder ng mananalong kabayo. Good luck!

# BACK RIDE, TODAS SA BUS

**PATAY ang isang 21-anyos na lalaki nang magulungan ng isang bus nang mahulog sa pagkakaangkas sa motorsiklo matapos na nakasagi ng isang tumatawid na pedestrian ang rider sa Bacoor City, Cavite .**

Idineklarang dead on arrival sa St. Dominic Medical Center ang biktimang si Dave Agustin, ng Block 13 Lot 14 Phase 1 Cattleya St., Brgy Mambog 1, Bacoor City, habang ginagamot din sa nasabing ospital ang driver ng motorsiklo na si Jeric Realiza, 23, tricycle driver, ng kaparehong address ng una; at Rizaldo Baliber, 57, security guard, ng Sitio Malumot Brgy Panapaan 7, Bacoor City.

Kinilala naman ang driver ng isang Isuzu bus na may plakang TXZ 366 na si Vicente Dugang, 46, ng Brgy Mataas na Lupa, Indang at sinampahan ng kasong Reckless Imprudence Resulting to Homicide.

Sa ulat ni PSMSgt Feciano Garcia II, ng Bacoor City Cavite, dakong alas-5:18 ng hapon sa harapan ng Christian Values School sa Brgy Habay 2, Bacoor City kung saan bumabagtas si Realiza patungo sa direksiyon ng Brgy Mambog habang minamaneho ang kanyang Suzuki FU150 at angkas nito si Agustin.

Pagsapit sa harapan ng Christian Values School nang biglang tumawid si Baliber kaya nahagip nito.

Pagkabangga kay Baliber, pumihit sa kanang bahagi ng kalsada ang motorsiklo dahilan upang malaglag si Agustin na siya namang padating ang isang Isuzu bus na minamaneho ni Dugang na patungo naman sa opposite direction sa Maynila kaya nakaladkad ang bahagi ng kanyang motorisklo.

Dahil dito, pumasok ang katawan ni Agustin sa ilalim ng bus na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Isinugod sa ospital si Agustin, Beliber at Realiza subalit idineklarang patay ang una. **GENE ADSUARA**

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-104-19**

**JOWETT SISON ORTEGA ,**
Mortggor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **JOWETT SISON ORTEGA**, with residence and postal address at 22 San Beda Homes, Talon II, Las Piñas City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of March 20, 2019 amounts to **ONE HUNDRED TWENTY SIX THOUSAND FIVE HUNDRED TWENTY NINE PESOS AND 25/100 (P 126,529.25),** Philippine Currency, including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **January 23, 2020** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-921171**

"A parcel of land (Lot 70 of the cons./ subd. plan, Pcs-04-012837, being a portion of Lots 2-28, Blk. 30, Psd-042108-076214, LRC Rec. No. ) situated in Brgy. Elang, Mun. Gen. Trias, Prov. Of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2 by Rd. Lot 12, Psd-042108-076214; on the NW., along line 2-3 by Lot 71 of the cons./subd. plan; on the NE., along line 3-4 by Blk. 61, Psd-042108-076214; and on the SE., along line 4-1 by Lot 69, on the subdivision plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of **THIRTY FIVE (35) SQUARE METERS** x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **Janauary 30, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **October 3, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**JOWETT SISON**
22 San Beda Homes, Talon II, Las Piñas City, Metro Manila

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** October 7, 14 and 21, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-102-19**

**EFRENA L. PUCLALAY,**
Mortgagor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **EFRENA L. PUCLALAY,** with residence and postal address at 1B Honorata St. 3rd Floor, Pasay City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of March 20, 2019 amounts to **THREE HUNDRED THIRTY THOUSAND SIXTY ONE PESOS AND 07/100 (P 330,061.07),** Philippine Currency, including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **January 23, 2020** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2013037197**

"A parcel of land (Lot 39, Blk.16, of the consolidation and subdivision plan, Pcs-04-024575, being a portion of Lots 2677, 2678, (Fls-325), & 2679 (RS-04-002668) all of Sta. Cruz de Malabon Estate, and Block 31, Pcs-04-023349, LRC Rec. No. 6832) situated in Barangay Tres Cruses, Municipality of Tanza, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 40, Block 16; on the SW., along line 2-3 by Road Lot 7 (8.00 M. WIDE R.O.W) and along lines 3-5, Incl., by Road Lot 9 (6.50 M. WIDE R.O.W); on the NW., along line 5-7, Incl., by Road Lot 9 (6.50 M. WIDE R.O.W) and on the NE., along line 7-1 by Lot 37, Block 16, of the consolidation and subdivision plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of **FORTY EIGHT (48) SQUARE METERS** x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **Janauary 30, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **October 3, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**EFRENA L. PUCLALAY**
1B Honorata St. 3rd Floor, Pasay City, Metro Manila

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** October 7, 14 and 21, 2019

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-103-19**

**SHIELA MARIE B. PELAYO**
**married GLENMOR J. PELAYO ,**
Mortgagor/s,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **SHIELA MARIE B. PELAYO married GLENMOR J. PELAYO**, with residence and postal address at 40 Del Pilar St., Citihomes Subdivision Ph-2B, Molino, Bacoor, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of March 20, 2019 amounts to **FOUR HUNDRED SEVENTY SEVEN THOUSAND SEVEN HUNDRED NINETY FIVE PESOS AND 36/100 (P 477,795.36),** Philippine Currency, including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **January 23, 2020** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 077-2012005363**

"A parcel of land (Lot 84, Blk.14, of the subd. plan, Psd-04-080194, being a portion of Lot 1, Blk.5, Psd-57309, LRC Rec. No. ) situated in Brgy. of.,Osorio, City of Trece Martires, Island of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2 by Lot 85, Blk 14 of the subd. plan; on the NW., along line 2-3 by Lot 2599-B-2 (LRC) Psd-280; on the NE., along line 3-4 by Lot 83 of Blk. 14 of the subd. plan; and on the SE., along line 4-1 by Road Lot 14, on the subdivision plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of **SIXTY THREE (63) SQUARE METERS** x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on Janauary 30, 2020 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **October 3, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**SHIELA MARIE and GLENMOR J. PELAYO**
40 Del Pilar St., Citihomes Subdivision Ph-2B,
Molino, Bacoor, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** October 7, 14 and 21, 2019

# HANEP SHOWBIZ


## ANGEL LOCSIN, HAHARAP SA MAS MATINDING LABAN



**NAGTAPOS na ang 'The General's Daughter' na kinatampukan ni Angel Locsin.**
Alam naman nating aksiyon ang teleseryeng ito at talagang humarap si Angel sa mga matitinding laban.
Akmang-akma kay Angel ang ibinigay na bansag sa kanya bilang 'Action Drama Queen.'
Hindi biro ang mga ginawang aksiyon ng aktres sa nasabing teleserye.
Take note po, walang double ang mga matitinding eksenang kanyang ginawa.
Tapos na ang teleserye subalit haharap pa sa mas matinding laban si Angel.
Susuong na kasi si Angel sa pag-aasawa na aniya ay iyon ang higit na big challenge sa kanya na kakaharapin.
Kaya naman break muna si Angel sa acting career niya upang mapaghandaan ang kasal nila ni TV/film producer Neil Arce.
If you remember, last June nang ihayag ng dalawa ang kanilang pag-iisang dibdib.
Base on their announcement ay wala naman kumpirmasyon kung kailan at saan gagawin ang wedding.
Basta batay lamang sa pahayag ng dalawa ay sa susunod na taon magaganap ang pag-iisang dibdib.
Pinagtutuunan din sa ngayon ng aktres ay ang kanyang health condition.
Natapos na nga ang teleserye pero may nakapilang apat na pelikulang gagawin si Angel.
Kaya tama lang din naman na concentrate din si Angel sa kanyang health lalo at 34-anyos na rin naman siya.
Meaning, at her age ay akmang-akma na talaga to face marriage life.
Good health sa iyo and good luck in advance Angel and Neil.

@@@

**DEREK AND ANDREA SUPER LOVE ANG ISA'T ISA**



Kaylan naman kaya ang kasalang Derek Ramsay at Andrea Torres hehehe.
Obyus naman na super in love na si Derek lalo at kanyang tahasan inamin na nobya na niya si Andrea.
Hindi lamang iyon dahil si Derek ay close na rin sa parents ni Angel, vice versa.
Kung malapit na ang dalawa sa mga magulang ng bawat isa sa kanila, ibig sabihin ay boto ang parents nila.
Si Derek, na isang British-born Filipino, ay 42-anyos na habang si Andrea ay 29-anyos na.
So, wala ng dahilan hindi po ba para humantong sa pag-iisang dibdib.
Anong say n'yo?

# "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

**(19)**

**MISTULANG** natuklaw ng kobra si Allan, animo'y estatwa at hindi makapagsalita.
Napasubo si Allan sa tropa na makakaya niya ring kumain nang buhay na hipon kapag nagawa iyon ni Alex.
Hindi akalain ni Allan na nang isawsaw at ibabad ni Alex ang buhay na hipon ay makakain pala iyon.
"Paano 'yan Allan, nagawa ni Alex kaya ikaw naman. Allan…Allan…Allan…"
Akala kasi ni Allan ay hindi kakayanin iyon ni Alex dahil matagal bago tumalima.
Ang hindi alam ni Allan kaya pinatatagal ni Alex ay para matagalan din sa pagkakababad sa suka ang buhay na hipon.
Ang mangkok na may lamang suka ay ibinibigay na ni Alex kay Allan.
Pero nananatili lamang si Allan sa kanyang pagkakatayo at hindi kinukuha ang mangkok kay Alex.
"Pare 'wag kang ganyan, malinaw naman ang usapan 'di ba?"
"Ang usapan 'pag nagawa ko ay ikaw naman ang gagawa kaya hayan ang suka abutin mo na."
Parang walang naririnig talaga si Allan sa halip ay pangisi-ngisi lamang siya.
"Kaya mo pare, masarap naman talaga eh. Sige na at nakakahiya sa mga bagong kaibigan natin."
Kahit anong pagpupumilit ni Alex ay hindi talaga tumatalima si Allan.
"Pasensya na kayo at talagang 'di ko kaya 'yan. Iba na lang siguro ang ipagawa n'yo sa akin."
Nakikiusap na si Allan para hindi na siya pilitin pa subalit ayaw ng tropa.
"Sa lahat ng ayoko sa lalaki ay 'yung walang isang salita. Dapat 'pag sinabi ay ginagawa."
"Dito kasi sa amin, ang mga lalaki na walang salita ay masahol pa sa bakla."
**(Itutuloy)**

# IISA… IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-29 labas)**

**SA** loob ng silid ay mayroong kinuha at ipinakita si Bernie para papiliin si Cecile.
"Baby oil ba ang gusto? Lotion na lang o efficacent oil? Mamili ka, pwede rin pulbos lang."
Nagkukusa si Bernie para masahehin si Cecile na hindi alam ng babae ay mayroong kakaibang pakay si lalaki.
"Sige na at dumapa ka na, nakapamili ka na ba? Para matikman mo naman ang massage ko, alam kong sobrang pagod ka eh."
Tuwa naman si Cecile at ang kanyang pakiramdam ay talagang nag-aalala sa kanya si Bernie.
Pakiwari ni Cecile ay pagmamahal na nga ang iniuukol sa kanya ni Bernie.
"Wow ang sarap naman, ikaw ha 'di mo sinasabi marunong ka palang magmasahe."
Dumapa na rin sa kama si Cecile at aminado siya sa sarili na nagugustuhan niya ang pagmamasahe sa kanya.
Ramdam na ramdam ni Cecile ang banayad na pagkakahagod ng mga kamay o palad ni Bernie sa kanyang likod.
Nasa lahi naman kasi ni Bernie ang pagkakaroon ng kaalaman sa pagmamasahe.
May ilan siyang kamag-anak sa probinsiya na kahit sa paghihilot ay marunong at mahusay.
Pero hindi na sinabi pa ni Bernie na nasa lahi nila ang mayroong talento sa massage at hilot.
Basta lalo pang pinagbubutihan ni Bernie ang ginagawang pagmamasahe.
"Masakit nga sa bandang 'yan pero kapag hinahagod mo ay nararamdaman kong nawawala ang sakit."
Marunong ding kumapa si Bernie ng lamig sa parte ng katawan ng isang tao.
"Puno ka kasi ng lamig sa katawan, sa sobra-sobrang trabaho mo 'yan eh."
"Pero hayaan mo dahil simula ngayon ay aalagaan kita sa massage."
Kumabug-kabog na naman ang puso ni Cecile sa mga sinasabi sa kanya.
"Masarap ba? I love you Cecile."
**(Sundan)**

# SEREMONYA PARA SA SEA GAMES 2019 SA BANSA

**Ang Pilipinas ay pormal na tatanggap ng South East Asian Games na torch mula sa 2017 host ng Malaysia sa isang seremonya ng handover na paghahanda sa pag-host ng bansa sa mataas na gear.**

Nakatakdang tanggapin ang Philippine Olympic Committee board member na si Cynthia Carrion na tanggapin ang simbolo mula sa pangulo ng Komite sa Olympic ng Malaysia na si Norza Zakaria noong Huwebes sa isang seremonyal na pag-iilaw ng lantern na itinakda sa kilalang mundo ng Bukit Jalil National Stadium sa kabisera ng Malaysia. Ang Philippine South East Asian Games Organizing Committee Chief Operating Officer Ramon Suzara at Commissioner Celia Kiram ng Philippine Sports Commission ay magpapala sa kaganapan na senyales ng pagbilang sa pagbubukas ng 11-nation meet sa Nobiyembre 30 sa Philippine Arena sa Marilao, Bulacan .

Ang seremonya ng PHISGOC at kagawaran ng kulturang pangkultura ay nag-oorganisa ng seremonya bilang bahagi ng isang serye ng mga kaganapan na nagtatampok ng simbolismo ng sulo ng SEA Games at siga. "Ang apoy ng apoy ay isang mahalagang simbolikong seremonya na nagpapakita ng paglilipat ng mga responsibilidad mula sa nakaraang host hanggang ngayon," sabi ng direktor ng seremonya ng Phisgoc na si Mike Aguilar. Ang Malaysian hosting mascot na si Rimau ay makakasalubong din kay Pami, ang opisyal na maskot sa ika-30 South East Asian Games, sa seremonya.

# SULO SUMISIMBULO SA ARAW NG 30TH SEA GAMES

Ang kaganapan, na itinakda sa Bukit Jalil National Stadium sa Kuala, Lumpur, ay i-highlight sa pamamagitan ng pag-iilaw ng lantern ng Pilipinas na nagsasaad ng countdown sa pagbubukas ng Mga Palaro sa Nobiyembre 30 sa Philippine Arena sa Bulacan.

Ang mga seremonya at kaganapang pang-kultura ng departamento ng Pilipinas sa Timog Silangang Asya (PHISGOC) ay nag-oorganisa ng seremonya na bahagi ng isang serye ng mga kaganapan na nagtatampok ng simbolismo ng sulo at apoy ng SEA Games.

Ang mga opisyal mula sa Team Philippines na pinamumunuan ni chef de mission Chairman Butch Ramirez, chairman ng PHISGOC na si Speaker Allan Peter Cayetano at ang pampanguluhan ng Komisyon ng Olympic ng Pilipinas na si Rep. Bambol Tolentino ay pormal na tatanggap ng papel sa pag-host mula sa nakaraang host, na kinatawan ng Malaysian Olympic Committee.

Bukod kay Ramirez, na chairman din ng Philippine Sports Commission, ang kanyang mga komisyonado at katuwang na mga CDM na si Celia Kiram, si Arnold Agustin. Sasamahan din si Tolentino kasama sina POC Chair Steven Hontiveros at secretary-general Atty. Ed Gastanes

"Ang apoy ng apoy ay isang mahalagang simbolikong seremonya na nagpapakita ng paglilipat ng mga responsibilidad mula sa nakaraang host hanggang ngayon," sabi ng direktor ng seremonya ng Phisgoc na si Mike Aguilar.

Aniya, ang mga aktibidad ng sulo ay isasagawa din sa iba`t ibang bahagi ng bansa, kabilang ang Davao, Cebu, Clark at sa Senado, Kongreso at Malacañang sa Maynila.

Ang opisyal na sulo para sa ika-30 na SEA Games ay naglalarawan sa pambansang simbolo ng Pilipinas.

Ang sulo, na sumisimbolo ng pagkakaisa at pagdiriwang ng isang pangkaraniwang mensahe ng pagiging makabayan, kagalingan sa atleta at mga tagumpay sa sining, ay dinisenyo ng pangunahin na metal na iskultor ng bansa, si Daniel dela Cruz.

Ang kanyang disenyo ng sulo para sa 30TH SEA Games ay inspirasyon ng at isang stylized interpretasyon ng ating pambansang bulaklak ng Pilipinas - ang sampaguita, sumisimbolo ng kadalisayan, pagiging simple, pagpapakumbaba at lakas.

Ang labing isang mga bansa tulad ng: Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Philippines, Singapore, Thailand, Timor Leste at Vietnam, ay makakakita ng aksyon sa Nobyembre 30-Dis. 11 sa 56 na palaro ng Laro ay kumalat sa apat na pangunahing lugar sa Clark, Subic, Maynila at Tagaytay.

Ang 30th SEA Games host ay suportado ng: Platinum sponsors- Ajinomoto, Philippine Amusement and Gaming Corporation, MG Kotse, Philippine Airlines, Skyworth at CooCaa. Mga Gintong Sponsor- MasterCard, Milo, Pocari Sweat, NLEX, PInco at Rzaer. Preffered- Asics, SM Lifestyle Inc. at BMW. Prestige- Molten at Mikasa. Mga Kasosyo sa Pagbabangko- Chinabank at PNB. Mga Kasosyo sa Media- Bombo Radyo, Star FM at ang Inquirer Group, CNN, United Neon at DOOH. Host Broadcaster- NEP. Opisyal na Broadcaster- Palakasan at Aksyon, TV 5, Cignal, ESPN at PTV 4

# 19 Gintong Medalya Nauuwi ng Cebu mula sa Karatedo Goju-Kai Asia Pacific Championship

Ang mga kinatawan ng Pilipinas ng Karatedo Goju-Kai Asia Pacific Championship ngayong taon ay nakakuha ng pangalawang pwesto sa pangkalahatang ranggo habang nagtamo sila ng 82 medalya sa Cebu. Ang mga Pilipinong atleta na ito ay nagwagi ng 19 gintong medalya, 26 pilak na medalya, at 37 na medalyang tanso, maikli lamang sa pamamagitan ng apat na gintong medalya mula sa koponan ng Indonesia na may 23 gintong medalya, 13 pilak na medalya, at 21 mga medalyang tanso. Samantala, ang koponan ng Hapon ay hindi nalalayo at napunta sa ikatlong pwesto na may 17 gintong medalya, 9 na medalya ng pilak, at 6 na medalya ng tanso. Ang Karatedo Goju-Kai Championships ay isang tatlong-araw na kumpetisyon mula Setyembre 27 hanggang Oktubre 1. Ang kauna-unahan, pinang-host na kaganapan ay ginanap sa Hoops Dome sa Lapu-Lapu City, kung saan 500 batang mga atleta mula sa 18 iba't ibang mga bansa sa buong Asya. Ang pulong ng Pasipiko, kabilang ang Japan, Indonesia, Malaysia, at Korea.

Sa pakikipagtulungan sa nangungunang tatak ng inumin na MILO, ang International Karatedo Goju-Kai Championships, na inayos ng Association for the Advancement of Karatedo (AAK), ay patuloy na nagbibigay inspirasyon sa mga Pilipino ng lahat ng edad upang maging mga kampeon sa at off ng korte.

# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**PBA** - HANEP sa depensa nakulong si Talk N Text KJ McDaniels sa tatluhang depensa nila Dave Marcelo, Jorey Naples at Jason Perkins ng Phoenix sa mainit na tagpo nila sa 2019 PBA Governors Cup sa Araneta Coliseum. **(PRINCE SABBALUCA)**




**ANG Titan Table Tennis Center (T3C)** na simpleng pinasinayaan kamakailan sa 9156 Sitio de Fuego, San Francisco, General Trias, Cavite 4107 na malapit sa FCIE Dasmarinas, sa harap ng WILCON General Trias. Halos boundary my Dasmarinas at General Trias na may 8 PingPong Tables na bukas araw-araw mula 9am-11pm. Kung saan sinabi ni Coach Daniel Millare na ang bagong estudyante ng Sandpaper "LIHA" PingPong na si James Rellama ay ang magaaral na may pinakamabilis na matuto sa PingPong.



**LVPI PRESIDENT** - IPINAHAYAG ni LVPI President Joey Romasanta ang kahalagahan ng magaganap na 2nd Leg ng ASEAN Grand Prix na sinimulan sa Sta. Rosa Multi-purpose gym Laguna. Na may apat na koponan kabilang ang Pilipinas, Indonesia, Thailand at Vietnam ang magtatagisan sa naturang kumpetisyon makaraang magtipon kamakailan sa Crimson Hotel Manila. **(RGN)**



**PSA FORUM -** TINALAKAY nila Coach Diana Carandang ng PSI - Air Force Lady Air Defenders at Taguig Lady Generals Coach Mel Mendoza ang kanilang pag haharap para sa finalist ng ginanap na (WNBL) Women's National Basketball League makaraang bumisita sa lingguhang PSA Forum sa Amelie Hotel Manila. **(RGN)**




## Salamat po mahal na Obispo

**MAGANDA** ang panukala ni Senator Panfilo Lacson na may kaugnayan sa pagpapataw ng kaparusahan laban sa mga anak na mag-aabandona sa matatanda at may sakit na magulang.

Kaya naman maging ang Integrated Bar of the Philippines ay nagagalak sa Senate Bill 29 o ang 'Parents Welfare Act of 2019' na isinusulong ng senador.

Sabi nga Atty. Egon Cayosa, IBP President, ang naturang panukala ay napapanahon at tama lamang.

Dapat ay maging balanse o patas sa kasalukuyang umiiral na batas hinggil sa pagbibigay ng parusa laban sa mga magulang na hindi sinusuportahan ang anak.

Kung dati ay napaparusahan ang magulang, sa pamamagitan ng panukala ni Lacson ay may kakaharapin na ring parusa ang anak.

Kapag naging isang ganap na batas ito ay mahaharap sa hanggang sampung taong pagkakapiit at multang hindi bababa sa P300,000 ang anak na mapapatunyang nag-bandona o nagpabaya sa magulang na matanda o may sakit.

Siguro sa pamamagitan nito ay mabubura na ang baluktot na pananaw hinggil sa ilang naririnig natin na sinasabing ang magulang ay hindi kayang tiisin ang anak subalit ang anak ay kayang tiisin ang magulang.

Sariwa pa rin sa akin ang isa sa mga binanggit ni Bishop Reynaldo Evangelista, Diocese of Imus, sa Cavite.

Muli akong nagpapaabot ng pasasalamat kay Bishop Evangelista sa pagpapaunlak sa hiniling naming kortesiya sa kanya.

Kamakailan ay malugod na hinarap at kinausap ni Bishop Evangelista ang ilang opisyal ng Cavite Province Publishers League Inc.

Ipinaalala niya na ang Panginoong Diyos ang nagsisilbing ama o magulang natin na kailangang sundin, irespeto at pakamamahalin.

Walang naililihim o naitatago sa Panginoong Diyos at ito ay maihahantad sa naaayong panahon.

Napakarami pong mahahalaga at makabuluhang pagtalakay sa pinaunlakang courtesy call na aking hiniling kay Bishop Evangelista na isa sa layunin ko ay mapagkalooban ng basbas, gabay, panalangin at tuwid na hakbang para pamunuan ang CPPLI.

Huwag mamuhi sa kalaban o kaaway subalit kung hanap ay katotohanan at walang bahid paghihiganti ay sa huli ang Panginoong Diyos ang magtutuwid.

Maraming maraming salamat po mahal na Obispo!

## SPREAD JOY THIS SEASON WITH SM BEARS OF JOY AT SM CITY BACOOR!




**SM CITY BACOOR, CAVITE -** There isn't a better way to celebrate this season but to spread joy especially to the children in need. Isn't it more fulfilling to know that as you enjoy shopping gifts for your kids, you are also helping one child by donating one bear for every pair of Bears Of Joy. Buy a pair of bears for P200.00 for you and another for a kid who needs a cute cuddly bear this season. Leave a sweet message in the bear you'll donate that might go to orphanages or schools in your area. Collect all four of them and share happiness to four other children. So hurry and grab yours now at SM City Bacoor Event Center!

# GINANG NA NAG-EENSAYONG MAGMOTOR, TEPOK SA TRAK

**NASAWI ang isang 40-anyos na ginang na umano'y nag-eenasayo sa pagmomotor nang magulungan ang katawan nito ng isang dump truck matapos na mabangga ang sinasakyang motorsiklo sa Gen. Trias City, Cavite.**

Namatay sa pinangyarihan ng insidente ang biktimang si Janette Dilag, ng 0022 Lt Blk 3 Casa Amaya Phs 2, Brgy Amaya 1, Gen Trias City; habang ginagamot sa Divine Grace Medical Center ang kasama nito at angkas sa isang Yamaha Mio na motorsiklo na si Edgar Rayton, 22, ng Rosario.

Hawak ng pulisya ang driver ng isang Isuzu dump truck na si Medardo Olivas, 67, may-asawa, ng Mabuttal Ballesteros. Cagayan.

Sa ulat ni Pat. Ruelord Magbitang, ng Gen Trias City Police Station, dakong ala-1:40 ng madaling araw nang naganap ang insidente sa kahabaan ng EPZA-Bacao Diversion Road, Gen. Trias City kung saan binabagtas ni Dilag ang kahabaan ng nabanggit na lugar at angkas nitong si Rayton habang buntot naman nito ang dump truck na minamaneho ng suspek nang nabanga nito ang kanang bahagi ng gulong ng motorsiklo.

Dahil sa pagkakabangga, nalaglag at nagulungan si Dilag na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Sa imbestigasyon, lumalabas na nagpa-praktis umanong magmaneho ng motorsiklo ang biktima kaya pagewang-gewang ang kanyang patakbo.

Bukod pa rito ay sinasabing nakainom umano ang biktima.

Kasong Reckless Imprudence Resulting in homicide , physical injuries and damaged to property ang isinsampa laban sa driver. **GENE ADSUARA**

## Van umiwas makabangga, nadisgrasya; sakay patay, driver sugatan

**NASAWI** ang isang 44-anyos na ginang habang sugatan ang driver nito nang bumangga ang sinasakyan nila sa poste ng isang telephone company upang umiwas sa isang motorcycle rider na nag-cut sa kanila sa Dasmarinas City, Cavite.

Kinilala ang biktima na si Joan Quintela, may-asawa, ng Block 61 Lot 61 Succoth St., Town and Country Subd., Brgy Burol 1, Dasmarinas City, na idineklarang dead on arrival sa Pagamutan ng Dasmarinas City habang ginagamot din sa nasabing ospital ang driver ng isang Mitsubishi L300 na may plakang NCW 2679 na si Iluminado Andrade Jr, 30, ng Block 6 Lot 7 Mango Ville Subd., Brgy Salitran 4, Dasmarinas City.

Sa ulat ni PSSgt Jesus Bae, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-2:30 ng madaling araw nang naganap ang insidente sa harapan ng The District Mall sa Molino-Paliparan Road, Brgy Salawag, Dasmarinas City kung saan binabagtas ng driver ang nasabing lugar habang minamaneho ang Mitsubishi L300 nang pagsabit sa harapan ng The District Mall nang biglang may nag-cut na isang motorcycle rider.

Upang hindi mabangga ni Andrade ang motorcycle rider pumihit ito pakanan subalit dumiretso ito at nabangga ang poste ng isang telecom company dahilan upang masugatan ang dalawa subalit nagtamo ng malalalim na sugat si Quintela na nagresula sa kanyang kamatayan. **GENE ADSUARA**